# *Bantay Yugto 4*
# *Mula sa Aklat ni Nehemias*

***"17 Nang magkagayo'y sinabi ko sa kanila, Inyong nakikita ang masamang kalagayan na kinaroroonan natin, kung paanong ang Jerusalem ay guho at ang mga pintuang-bayan nito ay nasunog sa apoy: kayo'y parito, at ating itayo ang kuta ng Jerusalem, upang tayo'y huwag nang maging kadustaan. 18 At isinaysay ko sa kanila ang kamay ng aking Dios na naging mabuti sa akin, at gayon din ang mga salita ng hari na sinalita niya sa akin. At kanilang sinabi, Magbangon tayo at magtayo. Sa gayo'y kanilang pinalakas ang kanilang mga kamay sa mabuting gawa." (Nehemeias 2:17-18 KJV)***

Si Nehemias ay isa sa mga bantay na pinalago ng Dios upang matupad ang Kanyang layunin sa buhay ng Kanyang simbahan at ng Kanyang bayan. Si Nehemias ay nagkaroon ng pangitain na muling itayo ang pader sa paligid ng Jerusalem upang maprotektahan ang lunsod mula sa mga magnanakaw at mula sa mga dayuhang maaaring pumasok at magdala ng mga pagkawasak. Siya ang naghikayat at nagpakilos sa mga tao at ibinalik sila sa Dios, at sa pamamagitan ng kanyang pangitain at pamumuno ay tinuruan sila at ginawang makilahok ang bawat isa bilang aktibong manggagawa at mahahalagang tauhan sa pagtupad sa layunin ng Dios.

Mula sa aklat ni Nehemias ay marami pa tayong matututuhan tungkol sa buhay ng isang bantay.

***1. Makikita ng bantay ang pangitain at plano ng Dios nang hindi nababagabag at nababalisa:*** ***"17 Nang magkagayo'y sinabi ko sa kanila, Inyong nakikita ang masamang kalagayan na kinaroroonan natin, kung paanong ang Jerusalem ay guho at ang mga pintuang-bayan nito ay nasunog sa apoy: kayo'y parito, at ating itayo ang kuta ng Jerusalem, upang tayo'y huwag nang maging kadustaan." (Nehemias 2:17 KJV)*** Ang importanateng salita dito na nagpapahiwatig ng bantay ay ang salitang ***"nakita"***, ***"Inyong nakikita ang masamang kalagayan na kinaroroonan natin"***. Ang bantay na may pangitain na ibinibigay ng Dios sa kanya ay maaaring ibalik ang pag asa sa mga tao. Ang bantay ay ginagawa ito upang ang kahihiyan ay maiahon sa buhay ng mga tao.

***2. Makikita ng bantay kung ano ang inilaan ng Dios para sa kanya at kung paano niya maibabahagi iyon sa mga tao upang magdala ng ginhawa sa kanilang buhay:*** ***"18 At isinaysay ko sa kanila ang kamay ng aking Dios na naging mabuti sa akin, at gayon din ang mga salita ng hari na sinalita niya sa akin. At kanilang sinabi, Magbangon tayo at magtayo. Sa gayo'y kanilang pinalakas ang kanilang mga kamay sa mabuting gawa." (Nehemeias 2:17-18 KJV)***

Kapag ang Dios ay gumabay kung gayon Siya ang maglalaan. Ipinakita ni Nehemias sa mga tao kung ano ang mga mapagkukunan na nasa kanilang mga kamay at matutupad nila ang layunin at magagawa nila ang gawain. At nakatulong iyon sa mga tao na magtaguyod at tumugon sa tawag ng Dios at sumagot sila, ***"Magbangon tayo at magtayo."***

***3. Ang bantay ay isang taong may kaunawaan:*** Hindi madali ang gawain ngunit sa presensya ng Panginoon ang gawain ay nagawa sa kabila ng lahat ng pagsalungat at pag uusig na kinaharap ng bayan ng Dios mula sa mga kaaway na napasok pa sa kanilang hanay. Sinalubong ni Nehemias ang banta ng mga kaaway, ***"13 Kaya't inilagay ko sa mga pinakamababang dako ng pagitan ng likuran ng kuta, sa mga luwal na dako, sa makatuwid baga'y aking inilagay ang bayan ayon sa kanilang mga angkan, pati ng kanilang mga tabak, ng kanilang mga sibat, at ng kanilang mga busog." (Nehemias 4:13 KJV)*** Nakilala at nakita ni Nehemias ang mga mababang dako na kung saan ay ang mga mahihinang punto sa pader at doon ay naglagay siya ng mga bantay upang bantayan at protektahan. Ang pagiging isang bantay dapat kang maging isang taong nagmamasid na maaaring makita ang mga pinanghahawakan at mahihinang dako at gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang diyablo at ang mga kaaway mula sa paggamit upang tumagos sa iyong buhay. Kahit na para sa iyong pang araw araw na problema o pagdurusa ay mayroon pa ring mga paraan palabas at mga hakbang na maaaring magdala ng pagpapagaling at lunas para sa iyong pakikibaka.

***4. Makikita ng bantay ang pagiging epektibo ng mga simpleng hakbang upang harapin ang mga banta at iwasto ang mga problema:*** ***"14 At ako'y tumingin, at tumayo, at nagsabi sa mga mahal na tao, at sa mga pinuno, at sa nalabi sa bayan: Huwag kayong mangatakot sa kanila: inyong alalahanin ang Panginoon, na dakila at kakilakilabot, at ipakipaglaban ninyo ang inyong mga kapatid, ang inyong mga anak na lalake at babae, ang inyong mga asawa at ang inyong mga bahay." (Nehemias 4:14 KJV)*** Ang pahayag, ***"ako'y tumingin"***, ay nagpapahiwatig ng presensya ng bantay na makikita dito nang malinaw na ang mga simpleng hakbang ay maaaring magkaroon ng malaking epekto at dramatikong pagbabago. Magtiwala sa Dios sa maliit at simpleng tagubilin na ibinibigay sa inyo ng Salita ng Dios; Unawain na sa pagsunod sa mga ito ay may ginhawa at magandang resulta.

***5. Ang bantay ay may mabuting pamumuno na pumili ng matatapat na tao upang mapanatili at mapagtibay ang patuloy na tamang sistema: "1 Nangyari nga nang ang kuta ay maitayo, at aking mailagay ang mga pinto, at ang mga tagatanod-pinto, at ang mga mangaawit, at ang mga Levita ay mangahalal. 2 Na aking ibinigay kay Hanani, na aking kapatid at kay Hananias na tagapamahala ng kuta, ang pamamahala sa Jerusalem: sapagka't siya'y tapat na lalake at natatakot sa Dios na higit kay sa marami. 3 At aking sinabi sa kanila, Huwag buksan ang mga pintuang-bayan ng Jerusalem hanggang sa ang araw ay uminit; at samantalang sila'y nangagbabantay, isara nila ang mga pinto, at inyong mga itrangka: at kayo'y mangaghalal ng mga bantay sa mga taga Jerusalem, bawa't isa'y sa kaniyang pagbabantay, at bawa't isa'y sa tapat ng kaniyang bahay." (Nehemias 7:1-3 KJV)*** Nagtalaga si Nehemias ng mga matuwid na mga tao na tapat at natatakot sa Panginoon na ingatan at panatilihin ang sistema at disiplina upang kontrolin ang mga paggalaw sa kabilang ibayo ng mga pintuan upang walang maling tao o panganib na pumasok at wasakin ang lungsod. Ang mga matatapat na tao ay dapat hanapin at italaga upang ipagpatuloy ang gawain ng Dios upang ang ministeryo ay magpatuloy. Binigyan sila ni Nehemias ng malinaw at tumpak na mga tagubilin at kailangan nilang sumunod sa kanila; manatili sila sa mga ito; mahusay nilang pinag aralan ang mga tagubilin para sa kapakinabangan at kagalingan ng lahat:

***A. Sa tiyak na tiyak na oras lamang ng araw ay dapat buksan ang mga pintuan at hindi bago ang panahong iyon: "3 At aking sinabi sa kanila, Huwag buksan ang mga pintuang-bayan ng Jerusalem hanggang sa ang araw ay uminit; at samantalang sila'y nangagbabantay, isara nila ang mga pinto, at inyong mga itrangka: at kayo'y mangaghalal ng mga bantay sa mga taga Jerusalem, bawa't isa'y sa kaniyang pagbabantay, at bawa't isa'y sa tapat ng kaniyang bahay." (Nehemias 7:1-3 KJV)*** Anumang tagubilin ang matatanggap mo mula sa amin na kung ano ang kailangan mo o ilapat upang ang lahat ay maprotektahan.

***B. Inutusan sila ni Nehemias na makipagtulungan at magtalaga ng mga taong tapat na tutulong na magbantay at magtrabaho bilang alerto upang makagawa ng maagang hakbang upang labanan ang gawain ng kaaway: "at kayo'y mangaghalal ng mga bantay sa mga taga Jerusalem, bawa't isa'y sa kaniyang pagbabantay, at bawa't isa'y sa tapat ng kaniyang bahay." (Nehemias 7:1-3 KJV)*** Ang hudyat ng bantay dito ay ang pahayag, ***"at kayo'y mangaghalal ng mga bantay... bawat isa'y sa kanyang pagbabantay"***. At mula sa pahayag, ***"at kayo'y mangaghalal ng mga bantay sa mga taga Jerusalem, bawa't isa'y sa kaniyang pagbabantay, at bawa't isa'y sa tapat ng kaniyang bahay."***, maaari nating pagpasyahan na ang ministeryo ng bantay ay nakaugnay sa kanyang bahay (ang iyong sariling pamilya) at sa Jerusalem (ang simbahan na inilagay tayo ng Dios). Hindi ka maaaring maging isang bantay lamang para sa iyong pamilya ngunit pagpapabaya sa simbahan at hindi ka maaaring maging isang bantay sa ministeryo ng simbahan ngunit pagpapabaya sa iyong sariling pamilya. Dapat parehong sabay.

***"36 Narito, kami ay mga alipin sa araw na ito, at tungkol sa lupain na iyong ibinigay sa aming mga magulang upang kanin ang bunga niyaon, at ang buti niyaon, narito, kami ay mga alipin doon. 37 At ang lupain ay nagbubunga ng marami sa ganang mga hari na iyong inilagay sa amin dahil sa aming mga kasalanan: sila nama'y may kapangyarihan din sa aming mga katawan, at sa aming hayop sa ikapagsasaya nila, at kami ay nangasa malaking kapanglawan. 38 At gayon ma'y dahil sa lahat na ito ay tapat na nangakikipagtipan kami, at isinusulat namin; at tinatakdaan ng aming mga prinsipe, ng aming mga Levita, at ng aming mga saserdote." (Nehemias 9:36-38 KJV)*** Matapos nilang itayo muli ang mga pader sa paligid ng Jerusalem, nagtipon ang mga tao, nag ayuno sila at ipinagtapat ang kanilang mga kasalanan sa Dios. Nanalangin sila sa Panginoon at ipinahayag sa Kanya ang kanilang tunay na kalagayan at kanilang pagdurusa at narating nila ang isang katotohanan na sila ay alipin at pinamunuan at inaapi ng iba sa lupain na ibinigay ng Dios sa kanila. Napagpasyahan nila na ang kanilang mga kasalanan ay ang dahilan para sa kanilang masaganang ani ay napunta sa iba. * Nauunawaan mo ba at nakikita mo na ang iyong ani at ang itinakda ng Dios para sa iyo ay mapupunta sa iba dahil sa iyong mga kasalanan. * Malinaw na nakikita ng bantay ang dahilan at epekto ng pagdurusa ng mga tao at kung bakit hindi nila natatamasa ang pag-ani ng Dios; kapag ang tipan sa Dios ay nasira kung gayon ang mga pagpapala ay malayo. At ang mga sumusunod ay ginawa nila upang muling buhayin ang kanilang tipan sa Dios: ***"38 At gayon ma'y dahil sa lahat na ito ay tapat na nangakikipagtipan kami, at isinusulat namin; at tinatakdaan ng aming mga prinsipe, ng aming mga Levita, at ng aming mga saserdote." (Nehemias 9:38 KJV)***

Ang lahat ng mga kasama si Nehemias at ang mga namumuno ay lumagda ng tipan: ***"28 At ang nalabi sa bayan, ang mga saserdote, ang mga Levita, ang mga tagatanod-pinto, ang mga mangaawit, ang mga Nethineo, at lahat ng nagsihiwalay sa mga bayan ng mga lupain sa kautusan ng Dios, ang kanilang mga asawa, ang kanilang mga anak, na lalake at babae, bawa't may kaalaman at kaunawaan. 29 Sila'y nagsilakip sa kanilang mga kapatid, na kanilang mga mahal na tao, at nagsisumpa, at nagsipanumpa, na magsilakad sa kautusan ng Dios, na nabigay sa pamamagitan ni Moises na lingkod ng Dios, at upang magsiganap at magsigawa ng lahat na utos ng Panginoon na aming Panginoon, at ng kaniyang mga kahatulan, at ng kaniyang mga palatuntunan." (Nehemias 10:28-29 KJV)*** Ang mga sumusunod ay ang mga napagkasunduan:

***6. Magbantay na walang pakikipag asawa sa mga di mananampalataya: “30 At hindi namin ibibigay ang aming mga anak na babae sa mga bayan ng lupain, o papagaasawahin man ang kanilang mga anak na babae para sa aming mga anak na lalake.” (Nehemias 10:30 KJV)*** Bilang isang bantay kailangan mong bantayan na hindi mo pahintulutan o suportahan ang mga pag-aasawa na hindi itinakda ng Dios.

***7. Ingatan ang Sabbath: “31 At kung ang mga bayan ng lupain ay mangagdala ng mga kalakal o ng anomang pagkain sa araw ng sabbath upang ipagbili, na kami ay hindi magsisibili sa kanila sa sabbath, o sa pangiling araw: aming ipagpapahinga ang ikapitong taon, at ang pagsingil ng bawa't utang.” (Nehemias 10 :31 KJV)*** Magbantay na ikaw at ang mga nasa ilalim ng iyong pangangalaga ay sundin ang lingguhang mga batayan ng araw ng pagsamba sa simbahan at ang araw ng pahinga.

***8. Sundin ang Banal na Espiritu kung kailan ka Niya papatnubayan at ang Salita ng Dios na nagtuturo sa iyo kung aling oras mo kailangang ipawalang-bisa ang utang ng mga taong nangutang sa iyo: “aming ipagpapahinga ang ikapitong taon, at ang pagsingil ng bawa't utang.” ( Nehemias 10:31 KJV)*** Yaong mga mahihirap na kapatid na hindi kayang magbayad, kung nagpatuloy sila sa amin sa simbahan, kung gayon kailangan nating ipawalang-bisa ang kanilang mga utang matapos ng pitong taon kung ang kanilang kalagayan ay hindi nagbibigay daan sa kanila upang magbayad.

***9. Sundin ang pag-iikapu, ang iba't ibang uri ng mga handog at ang unang bunga ay dalhin sa simbahan ng Dios at iyon ang lahat ng mga pangangailan na kailangang matungunan: “32 Kami naman ay nangagpasiya rin sa sarili namin, na makiambag sa taon-taon ng ikatlong bahagi ng isang siklo ukol sa paglilingkod sa bahay ng aming Dios: 33 Ukol sa tinapay na handog, at sa palaging handog na harina, at sa palaging handog na susunugin, sa mga sabbath, sa mga bagong buwan sa mga takdang kapistahan, at sa mga banal na bagay at sa mga handog dahil sa kasalanan upang itubos sa Israel, at sa lahat na gawain sa bahay ng aming Dios. 34 At kami ay nangagsapalaran, ang mga saserdote, ang mga Levita, at ang bayan, dahil sa kaloob na panggatong upang dalhin sa bahay ng aming Dios, ayon sa mga sangbahayan ng aming mga magulang sa mga panahong takda, taon-taon, upang sunugin sa ibabaw ng dambana ng Panginoon naming Dios, gaya ng nasusulat sa kautusan. 35 At upang dalhin ang mga unang bunga ng aming lupa, at ang mga unang bunga ng lahat na bunga ng sarisaring puno ng kahoy, taon-taon, sa bahay ng Panginoon: 36 Gayon din ang panganay sa aming mga anak na lalake, at sa aming hayop, gaya ng nasusulat sa kautusan, at ang mga panganay sa aming bakahan at sa aming mga kawan, upang dalhin sa bahay ng aming Dios, sa mga saserdote, na nagsisipangasiwa sa bahay ng aming Dios: 37 At upang aming dalhin ang mga unang bunga ng aming harina, at ang aming mga handog na itataas, at ang bunga ng sarisaring punong kahoy, ang alak, at ang langis, sa mga saserdote, sa mga silid ng bahay ng aming Dios; at ang ikasangpung bahagi ng aming lupa sa mga Levita; sapagka't sila, na mga Levita, ay nagsisikuha ng mga ikasangpung bahagi sa lahat na aming mga bayan na bukiran. 38 At ang saserdote na anak ni Aaron ay sasama sa mga Levita, pagka ang mga Levita ay nagsisikuha ng mga ikasangpung bahagi; at isasampa ng mga Levita ang ikasangpung bahagi ng mga ikasangpung bahagi sa bahay ng aming Dios, sa mga silid sa loob ng bahay ng kayamanan. 39 Sapagka't ang mga anak ni Israel, at ang mga anak ni Levi ay mangagdadala ng mga handog na itataas, na trigo, alak, at langis, sa mga silid, na kinaroroonan ng mga sisidlan ng santuario, at ng mga saserdote na nagsisipangasiwa, at ng mga tagatanod-pinto, at ng mga mangaawit: at hindi namin pababayaan ang bahay ng aming Dios.” (Nehemias 10:31-39 KJV)*** May iba't ibang uri ng koleksyon upang matakpan ang iba't ibang pangangailangan. Maaari naming bigyang-diin sa mga sumusunod na puntos:-

***A. Ang unang bunga:*** Iyon ay maaaring ang iyong unang sahod, o unang kita o ang unang pagtaas ng bawat pagtaas, o ang unang sahod o kita ng bawat taon. Ang unang bunga ay ibibigay matapos ng tao ay magkaroon ng isang saunga. pat ng ipon, at maaaring pangasiwaang magbigay ng kanyang unang bunga.

***B. Iba't ibang handog:*** Bukod sa mga ikapu at unang bunga ay may iba't ibang handog at ambag upang matugunan ang mga kinakailangang bagay para sa pagsamba at para sa lugar ng pagsamba at pagpapanatili nito.

***C. Kailangan ang ikapu sa lahat***: Maging ang saserdote at ang mga Levita ay kinakailangang magbigay ng ikapu at magbigay ng kanilang unang bunga. Maging ang pastor at ang pinuno ng simbahan ay dapat mag ikapu ng kanyang kita at kung ano man ang kanyang matatanggap, ***“at isasampa ng mga Levita ang ikasangpung bahagi ng mga ikasangpung bahagi sa bahay ng aming Dios, sa mga silid sa loob ng bahay ng kayamanan.” (Nehemias 10:38 KJV)***

***5. Sundin na sa anumang paraan na ang bahay ng Dios ay hindi mapabayaan: “at hindi namin pababayaan ang bahay ng aming Dios.” (Nehemias 10:31-39 KJV)*** Ang Dios at ang Kanyang simbahan ay dapat unahin at kung ano man ang kinakailangan ay kailangang matugunan muna. Napagtanto ng mga tao na ang kanilang kapabayaan sa bahay ng Dios (ang simbahan at ang kanilang mga ministeryo) ang dahilan ng kanilang pagdurusa at para sa iba na alisin ang mga pagpapalang inorden ng Dios para sa kanila.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Ang lahat ng mga talata sa itaas ay nagbibigay sa atin ng higit pang mga detalye tungkol sa ministeryo ng bantay, samakatuwid kailangan nating danasin ang mensahe at pagaralan upang sundin sa ating buhay, sa buhay ng ating mga pamilya at mga ministeryo upang mapalad. ***"17 At sila'y magiging akin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, sa araw na aking gawin, sa makatuwid baga'y isang tanging kayamanan; at akin silang kaaawaan, na gaya ng isang tao na naaawa sa kaniyang anak na naglilingkod sa kaniya. 18 Kung magkagayo'y manunumbalik kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa kaniya." (Malakias 3:17-18 KJV)*** Isabuhay ang mensahe sa iyong buhay at bantayan na gagawin mo ang iyong pinakamainam upang alalayan ang paglilingkod sa Dios s Kanyang simbahan at itatag ang Kanyang kaharian. Manalangin tayo…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na wlaang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na binuksan ang aking mga mata upang makita ang kalaliman ng mga bagay sa Banal na Kasulatan. Panginoon samalat para sa lahat ng kayamanan na inilagay mo sa aking mga kamay at salamat para sa lahat ng mga aral, ng paghihikayat, at pagasa at ng pagtutuwid na tinanggap namin mula sa iyo at sa iyong Salita.*

*Ngayon ay aminin at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang iyong panghihina ng loob at kawalan ng pananampalataya. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pag unawa. Aminin at talikuran ang iyong walang kagustuhang ibahagi ang ibinigay sa iyo ng Dios sa iba. Ipagtapat at talikuran ang iyong masamang pangangasiwa, pag aaksaya ng mga mapagkukunan, at ang iyong maling pamamahala para sa pananalapi. Ipagtapat ang iyong pagsang ayon sa mga pag-aasawa sa mga di mananampalataya. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagsuway sa Dios at ang iyong hindi pagpayag na makisali sa mga mabubuting gawa na inihanda ng Dios para sa iyo. Ipagtapat ang iyong walang kagustuhang harapin ang pagdurusa at pag uusig alang alang kay Cristo. Ipagtapat at tanggihan ang iyong hindi pagpayag na ibigay ang iyong mga ikapu, handog, unang bunga at ang iba pa sa nararapat para sa iyo upang suportahan ang mga pangangailangan ng ministeryo. Ipagtapat at talikdan ang iyong kapabayaan sa simbahan ng Dios. Ipagtapat at talikdan ang iyong kakulangang sa pagbabasa ng Salita ng Dios, ng iyong kakulangang manalangin, at di pananatili ng araw sa pagsamba. Ipagtapat at talikdan ang iyong kapabayaan sa iyong pamilya at mga anak, Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ___________________.*

*Panginoon Itinatalaga ko ang aking sarili na mananatili sa iyong Salita sa paggawa ng iyong kalooban at anumang binalak mo para sa akin. Panginoon inilagay ko sa iyong paglilingkod ang lahat ng ibinigay mo sa akin upang ang iyong ministeryo at ang iyong simbahan ay magpatuloy sa pag abot sa naliligaw. Panginoon ipinagkakaloob ko ang aking buhay sa iyong kamay, gamitin mo ako at gawin akong tapat at mabungang bantay para sa iyong kaluwalhatian.*

*Panginoon salamat sa mga Kapatid ko na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang sundin ang inyong mga paraan at utos. Gawin silang mabunga ng Panginoon at gamitin ang kanilang buhay upang maglingkod sa inyo at maging mabuting patotoo sa iba na sumunod sa inyo. Panginoon, gantimpalaan mo sila, paginhawahin mo sila sa kanilang mga problema, protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, at patuloy mong akayin kami upang maisagawa ang iyong magandang plano na mayroon ka para sa iyong simbahan. Lord salamat sa lahat ng mga bantay at bantay na pinalaki mo sa aming simbahan para maglingkod sa iyo. Panginoon bigyan mo kami ng higitn na kaunawaan at karunungan na pamahalaan ang mga kalagayan. Panginoon patnubayan kami sa mga bagong tao at idagdag sa amin ang higit pang mga manggagawa na makipagtulungan sa amin na gawina ng iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at patnubayan kaming yumaon at mag evenglio, gumawa ng mga bagong lagad at magsanay ng bagong mga manggagawa upang magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin na mas maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin an gaming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit, Nawa ang pagpapala ni JesuCristo at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com